AHA! LEARNING CENTER'S
# ESKWELANG PAMILYA
/ahalearning /ahalearns

## WRITING PROMPTS FOR GRADE 1 TO HIGH SCHOOL
**Aralin 41**

| **Pambungad** |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting makata! Handa ka na bang magsulat ng iyong kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating isulat ang laman ng ating isipan. Ihanda ang imahinasyon; gagawa tayo ng istorya!* |

| **Writing Prompts for Grades 1 to High School - Aralin 41** |
|---|
| Theme: Mga Kakatwang Mundo at Pangyayari - "Ang Mundo Sa Ilalim Ng Tubig" |
| Content Creator: April Grace M. Garcia |

**Ang Mundo Sa Ilalim Ng Tubig**

**WRITING PROMPT LESSON 41**

---

**I.Pagbati**

Magandang buhay, mga makata! Ito na naman si Teacher _______!

Sa araw na ito tayo ay mapupunta sa kakaibang mundo sa ilalim ng tubig! Handa ka na bang lumangoy patungo dito? Tara!

**II.Writing Prompt of the Day**

Sa iyong paglangoy sa dagat ay bigla kang hinampas ng isang malaking alon. Sa iyong panaginip, nakita mo ang isang kaharian sa ilalim ng dagat, ngunit nakita mo ang mga plastic at mga basurang tinapon ng tao. Dahil dito'y ang mga mamamayan ng kahariang ito'y nahihirapang gumalaw at huminga.

Nang ika'y mamulat, napansin mo ang isang makintab na shell sa iyong dibdib. Ito ay may ukit ng Atlantis. Dahil dito'y ikaw ay nagmadali upang isulat ang iyong mga naaalala sa iyong journal! Gamitin ang mga tanong upang matulungan ka sa pag-alala ng iyong saglit na paglalakbay sa mundong nasa ilalim ng tubig.

Gamitin ang mga tanong upang matulungan ka sa pag-alala ng iyong saglit na paglalakbay sa mundong nasa ilalim ng tubig.

•Ano ang itsura ng Atlantis sa iyong panaginip?
•Ano naman ang itsura ng mga mamamayan dito?
•Bakit kaya nila binigay ang shell na may ukit ng Atlantis?
•Ano ang iyong matutulong upang hindi na mahirapan ang mga taga-Atlantis sa kanilang paggalaw at paghinga sa ilalim ng dagat?

**III.Teacher's Message**
Isulat ang inyong kwento tungkol sa saglit na pagbisita sa Atlantis! Kung kaya ninyong isulat sa Ingles ang inyong kwento pagkatapos, subukan niyo rin!

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."